# Papaanong Itatama Ang Talaan Ng Mga Kinita Mo Sa Social Security

Kung ikaw ay mayroong edad na 25 taong gulang man lang at nagtatrabaho ka na kung saan ay nagbabayad ka ng mga buwis ng Social Security, dapat ay nakakatanggap ka na ng *Pahayag* ng Social Security (*Social Security Statement*) taon taon, mga tatlong buwan bago sumapit ang iyong kaarawan. Dapat mong siyasatin ng mabuti ang iyong *Pahayag* upang masiguro na nagsasaad ito ng tamang halaga ng kinita mo sa bawat taon.

Kung hindi ka nakatanggap ng *Pahayag*, maaari kang humiling sa Internet sa ***www.socialsecurity.gov*** o makipag-alam sa amin.

## Bakit mahalaga na tama ang talaan ng mga kinita ko?

Ang halaga ng benepisyo sa Social Security na maaaring matanggap mo at ng iyong pamilya ay batay sa halaga ng mga kinita na ipinapakita sa iyong talaan. Kung ang lahat ng iyong kinita ay hindi nakikita sa talaan mo, maaaring nangangahulugan itong mas mababang mga benepisyo sa Social Security para sa iyo o sa iyong pamilya.

## Paanong nangawawala ang mga kinita ko mula sa talaan?

Kung ang mga kinitang ito na nawawala mula sa iyong talaan ng Social Security ay para sa kasalukuyang taon o sa nakaraang taon, hindi mo na kailangang mag-alala pa. Dahil ang mga kinitang ito ay kamakailan lang, maaaring hindi pa namin naitatala ang mga ito. Dapat sila ay lalabas sa mas huli mong *Pahayag.*

Ganuon pa man, maaaring nawawala ang mga kinita mo mula sa iyong talaan para sa mga naunang taon dahil sa isa sa mga sumusunod na dahilan:

- Iniulat ng iyong pinaglilingkuran ang mga kinita mo gamit ang maling pangalan o numero ng Social Security.
- Ang iyong pinaglilingkuran ay maling naiulat ang mga kinita mo.
- Ikaw ay nag-asawa na o nag-diborsiyo at pinalitan mo ang iyong pangalan, ngunit hindi mo naiulat kailanman ang pagbabagong ito sa Social Security.
- Nagtrabaho kang gamit ang numero ng Social Security na hindi naman sa iyo.

## Ano ang dapat kong gawin kung nawawala ang mga kinita ko mula sa aking talaan?

Kung natuklasan mong mayroong nawawala sa mga kinita mo mula sa iyong talaan, ang unang dapat mong gawin ay mag-hanap ng anumang katunayan ng mga kinitang iyon. Ang katunayang ito ay maaaring:

- Ang W-2 form (*Wage and Tax Statement [Pahayag ng Sahod at Buwis]*);
- Ang tax return (form sa pagbabayad ng buwis);
- Ang stub ng sahod o pay slip;
- Ang sarili mong mga talaan ng sahod; o
- Anumang iba pang mga nakasulat na katunayang nagpapakita na nagtrabaho ka.

Kung wala kang mahanap na anumang katunayang mga kasulatan na nagpapakita ng iyong mga kinita, subukang tandaan ang mga sumusunod na impormasyon at isulat ang mga ito:

- Saan ka nagtrabaho;
- Ang pangalan ng iyong pinaglingkuran;
- Ang mga petsa kung kailan ka nagtrabaho;
- Magkano ang kinita mo; at
- Ang pangalan at numero ng Social Security na ginamit mo noong nagtrabaho ka.

## Paano makakatulong ang Social Security?

Pagkatapos mong maipon ang mga katunayan o makagawa ng listahan ng lahat ng impormasyon na natatandaan mo, makipag-alam sa Social Security. Makikipagtulungan kami sa iyo upang maisaayos ang iyong talaan. Maaaring magtagal ang paraang ito, depende sa impormasyong ibibigay mo sa amin tungkol sa mga nawawala mong kinita. Maaaring kailangan naming tawagan ang iyong mga pinaglilingkuran o ikaw na mismo ang tatawag sa kanila.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10081-TL
How To Correct Your Social Security Earnings Record (Tagalog)
January 2008